Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[23 November 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening to all of you, my dear kababayans. I hope everyone is in good health and safe this Tuesday evening. At kung may sakit man kayo, sana mas mabilis ang pagbawi ninyo at I am praying that you'd get well soon.

This week, I visited Oriental Mindoro and General Santos City. I would like to begin my weekly "Talk to the People" by sharing with you my activities over the weekend. On November 18, I inspected the Sentrong Pangkabataan Complex Project in Calapan City, Oriental Mindoro and the Calapan Port Passenger Terminal Building. I also led the inauguration of the eight seaport development projects in the provinces of Mindoro.

Yesterday, November 22, I inspected the airport and seaport development projects in General Santos City, which are additional milestone in our Build, Build, Build Program.

Mayroon akong mga video clips. Hindi ito sabihin nagyabang ako eh project ito ng gobyerno, pera ng gobyerno. Tayo dito lahat, ako lang ang tigapirma at ako 'yung inutusan ninyo na government worker. Pero ito lahat para ito sa --- lalo na sa mga taga-Oriental Mindoro pati itong sa GenSan.

[Paki-run nga.]

[plays video presentation]

We now go to the COVID-19 updates. One, we are slowly but surely making progress in our COVID-19 campaign. Second, I am very pleased to inform the entire nation that we continue to beat COVID-19. Recent statistics affirmed this.

First, the positivity rate in the country further went down from 3.4 percent on November 18 to 2.3 percent today. Moreover, Metro Manila positivity rate went down from two percent from November 11 to 17, the lowest ever recorded since the region started testing for COVID-19.

Also, the DOH has reported a continuous decline in the number of active cases in the country. From more than 23,000 last November 18 to only less than 19,000 today. Our tally of new COVID-19 cases on November 18 was almost 1,300, but today, we only had 1,153 cases.

Salamat sa awa ng Diyos bumaba ang mga kaso. But we still have to follow health protocols being implemented by government if we really want to make a headway.

Ganoon 'yan, ang awa ng Diyos kailangan sabayan mo nang pagsunod ng implementasyon sa protocols ng gobyerno. Kasi ang Diyos tingnan niya kung walang pagsunod ng protocols sa gobyerno, alisin niya 'yung awa at maging kawawa tayo. Iyon ang pagkaalam ko sa Diyos ko.

Vaccination updates and milestones. More vaccine doses --- ito 'yung kay Secretary Guevarra --- ah Secretary Galvez --- wala namang pakialam si Guevarra sa Justice 'yun eh. Baka sabihin niya, *"Ano bang pakialam ko? Ito naman si Duterte palaging mali."* Hind bale kasi --- eh totoo naman eh.

More vaccine doses continue to arrive in the country. As of today, the country has already received 134.4 million COVID vaccine --- [COVID-19 vaccine] doses from various manufacturers.

As of today, 76.5 million vaccine doses have been administered throughout the country. Of this number, 41.9 million are given the first dose, while more than 33.5 million are given a second dose and single-dose shots.

The vaccination of the adolescents, mga anak natin. I am very pleased to know that we have already vaccinated more than 3 million minors aged 12 to 17, as of today. Marami 'yan 3 million.

Dito naman tayo sa booster shots for senior citizens and persons with comorbidities who are immunocompromised. Yesterday, November 22, we started giving booster doses to our senior citizens.

We also started giving additional or third dose to persons with comorbidities and immunocompromised. The administration of booster or additional doses of COVID-19 vaccines will be conducted in the various phases and it is not yet available to the general population.

The National Vaccine Day. I would like to once again remind everybody that from November 29 to December 1, we will be having our National

Vaccination Days. We aim to vaccinate 15 million Filipinos across 16 regions outside of Manila.

I have directed all government agencies and instrumentalities to extend all possible support for this “Bayanihan, Bakunahan” program led by the Department of Health and the Department of Interior and Local Government.

I urge all national government agencies as well as provincial and local government units to use all available resources, especially human resources, to help in the vaccination efforts during these three days of vaccination.

I also call upon AFP, PNP and all enforcement agencies --- all enforcement agencies --- to assist in the vaccination and mobilization resources to help bring our people to the vaccination sites.

Mukhang ito ang pinaka-highlight dito sa iyong pinagdadaldal ko dito. Ang highlight nito is really iyong Vaccination Day where we should… Lahat nang mahila mo doon sa vaccination sites sana ma --- you can convince them to participate in the vaccination by having the jabs.

Iyong mga... Ang problema iyong ayaw talaga, kung marami sila at they will continue to affect the balance of... Alam ninyo ganito 'yan eh, kung ikaw gusto ng trabaho tapos ayaw mong magpabakuna, hindi obligado ang employer na tanggapin ka. Sabihin mo discrimination at sabihin mo ano pa may discrimination, ah iyon ang...

Hindi naman ako iniinsulto 'yung relihiyon na you refuse it as a matter of a religious right. Wala akong ano except that kung ayaw ninyo, alam mo kung tanggapin kita kung ako 'yung employer at hahawain mo 'yung mga empleyado ko hanggang tuloy ang mga negosyo ko mahina kasi puro may sakit 'yung trabahante, idadamay mo ako.

So ang rason diyan is hindi ako nagde-demonstrate --- ‘yang namimili mag-ano sa inyo --- discriminate. Kung hindi, pinoprotektahan ko 'yung negosyo ko. Just like in government, maybe if there's a law which says that all government employees must be vaccinated and those refusing must resign because this is a pandemic and we're trying to protect everybody, and we want to have a less sick people.

I also appeal to all governors and mayors, dalhin ninyo ang mga constituents ninyo sa mga vaccination sites, sa mga hospitals, malls, at maging sa mga Jollibee at McDonald's branches para mabakunahan na sila. Ang problema nito, iyon ang --- mga governor, bahala na kayo nito.

Iyon namang pupunta sa Jollibee para magpabakuna at saka sa McDonald’s, matapos parang gutumin, walang pera, tapos maamoy niya 'yang karne diyan, I suggest --- I am authorizing all governors and mayors, gumastos na lang kayo ng pera, papalitan ko lang ‘yan balang araw.

Pakainin na lang ninyo sila para may... Pakainin ka doon tapos gutom ka. Eh ‘di kaawa naman 'yang Pilipino. Really, you just give me the bill and I will try to pay it if I have the money. Tutal ano lang naman ‘yan eh.

Iyon magpatigas-tigas na matagal mong kumbinsihin, bigyan mo lang 'yan ng siopao. Sanay ang mga gobyerno --- governor and mayors sa paghakot ng tao so dapat kayang-kaya din nila ito. Well, this is a very... Hindi na kailangan sabihin sa ano na sanay ang mga gobyerno at mayor. Sanay ito sila sa eleksiyon maghakot. Para ito pang ano hindi na nila kaya.

On this note, I wish to thank the private sector for providing all the help to all malls, fast food chains, and private hospitals participating in this National Vaccination Day. Maraming salamat sa bayanihan ninyo. At kung maaari, pakainin ninyo tutal one time lang naman 'yan at para lang sa --- para sa bayan, gawain mo para sa bayan.

Kailangan talaga lahat mabakunahan. Ang mga ayaw, they should not be allowed inside public restaurants or resorts because they are a threat to public health and the safety of the general public. Threat to public health. Alam mo pagka ang sumatotal nitong sabihin mo public health. Anong public health? Public health 'yan kasi ang sabi ko ang dead end niyan is kamatayan. Dapat maintindihan ito ng mga kababayan natin: kailangan lahat ay magpabakuna.

The reminders. While the developments of the past few weeks show that we are steadily beating COVID-19, we must remain careful and continue practicing hugas, mask, iwas, bakuna kung wala pa. Iyon lang ang tandaan niyo. Ang dati, iyong mask, hugas, iwas. Idagdag naman niyo por Diyos iyong ano iyong bakuna kay 'yan man talaga ang pinaka.

At saka 'yang bakuna sa totoo lang... Now, you can go to the international news channel sa Internet, doon sa mga YouTube, may --- may spike. Tumaas bigla ang mga kaso ng COVID sa maraming --- Europe at America, at hinahanap nila ang rason. Kasi pinayagan nila na hindi na mag-bakun --- ah hindi na mag-ano, hindi na mag… Well, of course, others ayaw magbakuna because I said I am not --- I have nothing against religion, sa relihiyon nila bawal daw. Tapos ‘yan mas madali ‘yung hawaan. Eh that is the natural consequence, what can we do?

Tapos ‘yung iba hindi nagma-mask, ‘yung iba naman hindi nago-observe ng --- ‘yung sa restaurant, hindi ka nga papasukin kasi every time you open your mouth pagtapos mag --- you chew something, invariably you spew out --- nagi-spread ka ng moisture diyan sa kainan, which may eventually include itong mga COVID-19 virus. They are really germs. So ‘yan ang dahilan kung bakit ka na hindi makapasok.

And I understand, and I support itong mga restaurants and all na delikado sa contamination sa public. You have my support. Huwag mo silang pakainin. Sabihin mo na lang sila na ano --- kung ayaw ninyong magpabakuna at hindi kayo tinanggap sa ibang restaurant, doon na lang kayo sa tabing dagat. Marami diyan sa ano, Dewey, diyan na lang kayo kasi ‘yung germs ninyo lumilipad ‘yan. Hindi --- hindi mahabol ng tao ‘yan kada bukas ng bunganga mo. Iyon na lang ang ano.

Iyan ang gusto naming iparating kaya kami talaga nag --- that’s why we are really trying our best to be with the people almost twice a week. One is to report, of course, the --- the most important thing of the moment is really ‘yung sakit. And second, sabi ko gusto kong malaman ninyo ‘yung pera kung nasaan na. And if you doubt it, you can go to the places where the money were spent at makita ninyo ang ganda.

You know look --- you know what, I’d like to tell you something, ang mga taga-Davao, ‘yung --- ‘yung nakita ninyo ‘yung GenSan? Hindi nakalahati ang airport ng Davao. And Davao Airport now is not as beautiful as the airport in Bicol.

Hindi ko naman kayo pinupuri na to the excess of aanuhin ko ‘yung taga-Davao. Pero noong unang meeting namin sa Cabinet, ito sila, sinabi ko talaga sa kanila, *“Unahin ninyo ‘yung ibang lugar, ipahuli ninyo ang Davao kasi taga-riyan ako.”* Sabihin nila, *“Siyempre si Duterte Davao, taga-Davao, unahin niya ang Davao.”* That would be the natural consequence of the flow of reason of unreasoned people.

So ang ginawa ko, sabi ko, *“Unahin ninyo --- pinakahuli ang Davao.”* So ang Davao hanggang ngayon ‘yan pa rin ang airport niya, masikip, lumiliit na, it be --- it has become terribly small because of the so many people using it. At I don’t know ilang milyon per year ang ano niya ma --- ma-serve niya per year.

But maliit ang Davao at alam ko maraming taga-Davao na may sakit sa akin --- may sakit sa kanila sa puso nila. I know of one girl na talagang halos galit sa akin kasi bakit ang Davao wala namang napala doon sa… Eh sabi ko

'yan ang --- 'yan ang --- that is the price that we have to pay, you know. If you happen to be in a place where there are some public works going on --- you not --- you do not want to be criticized as one that's inuuna mo 'yung ano ng iba --- inuuna mo 'yung iyo, 'yung iba huli na lang.

As a matter of fact, kayong mga taga-Davao, when 'yung subdivision namin ng --- 'yang ginagawa, iniispalto, sinabi ko talaga sa city engineer, *"Huwag ninyong ispaltuhin 'yung daan ng bahay ng nanay ko, ipahuli ninyo kasi we want to avoid 'yung sabi nga na inuuna mo 'yung iyo, I love my own."*

So sa awa ng Diyos natapos na lang 'yung pera, 'yung --- 'yung daan namin diyan sa subdivision, dirt road pa rin. So sabi ko doon sa nanay ko na, *"Iniwan mo itong bahay ko na maalikabok."* Sabi ko, *"Ma, ganito talaga. Alam mo naman, you were once the wife of the governor of Davao province, isang probinsiya. When did you hear my father say na unahin tayo kaysa iba?"* Tapos sabi ko, *"Remember? Ang atin talaga is huli tayo."*

So kayong mga taga-Davao, alam ko masakit loob ninyo, walang appreciable infrastructure diyan. Ano lang kayo 'yung relax lang, baka ang sunod na presidente maawa sa atin, bigyan tayo ng bagong airport.

So huwag masyado ninyong dibdibin kasi that's part of human ano eh, human trait na may iba may gusto unahin, 'yun ang gusto nila. Iyong iba naman ipahuli kasi gusto unahin 'yung iba, tapos ikaw. Kung naubusan na ng pera at hindi nga nangyari doon ang sa iyo, hindi na umabot, pasensiya. Ganoon lang 'yan.

Tutal hindi naman palagi 'yan eh, the following administration will always… Hindi ka na… Ako, hindi na ako maghiya --- mahiya magtanong at maghingi sa kanila kasi hindi naman ako sa gobyerno. Sabihin ko na pakiintindi lang ninyo itong aming daan.

So that's it. Iyan na lang ang report, pareho na rin 'yan. Specific lang 'yang sa mga ano pero hindi naman kailangan 'yung mga point-point something, .12, pati ako hindi nakaintindi niyang y*** na 'yan, pa-point-point. Sige .12 hala. Basta lang sinabing bumaba ng ganoon --- mataas dito, bumaba.

Sa Davao City, isa lang today --- isa lang ang nagkasakit ng COVID kahapon. Sana dapat isa-isa lang. So kayong mga magkakasakit ng COVID, mag-usap-usapan kayo na one at a time lang. Huwag isabay kasi magkakaroon tayo ng problema, p*** tsk…

So 'yun na lang po at patawarin na ninyo 'yung Tagalog ko, hindi ko talaga maano. Mayroon mang Tagalog sa Davao pero I never took time to really

adopt the dialect because most of mag --- kasi ang karamihan kong mga kaibigan doon mga Bisaya. Sa totoo talaga ito ganito, hindi ako naga-ano ha, it's something which is… I'm not trying to draw a certain regional trait or…

Sa Davao 'pag magsalita ka ng Bisaya, dito ka banda sa ano kung A, B, C, D. Ang mga Bisaya na tunay nandito 'yan sa C, D 'yan. Kung A, B maski na Bisaya talaga, nagta-Tagalog 'yan. Iyan ang ano ng Davao, magtanong kayo. Maybe not so now, but it was not really as pronounced as about just a little over seven to 10 years ago.

Lahat nagsasalita doon mga Bisaya 'yung mahihirap. At 'yun namang may ano, may kaya at nasa ano, nagta-Tagalog. Eh 'yun namang Bisaya na mayaman, nagta-Tagalog rin sila. Kaya ako, tayong hindi mayaman, mag-Bisaya lang tayo tapos ang Tagalog natin haluan natin ng Bisaya para maintindihan ng lahat.

Sinabi ko mag-speech ako minsan, *"Ganito 'yung ano natin pamamalakad natin."* Iyong --- tapos makalimutan ko. Sabihin ko man doon sa security ko sa likod, *"Ano nga 'yung Tagalog nitong y*** na ito? Ah oh ganoon, oh ganoon."* Makalimutan ko eh. Hindi ko niyay*** 'yung Tagalog. Niyay*** ko sarili ko na, *"Ano gani ang p***…?"* Iyang ilang speeches 'yan, major speeches delivered in Manila. 'Pag nakalimutan ko magsabi ako, *"Ano ganing Tagalog nitong y*** na ito?"*

So 'yan ho ang --- hindi biro 'yan. Hindi rin nagpapatawa 'yan. Para lang sa inyong pag --- so that you will understand us and you will understand me.

Maraming salamat po. *[applause]*

--- END ---